01 June 2021

# ANG AKING HULING HABILIN (My Last Will and Testament)

Ako si Juan Dela Cruz, may asawa at nasa ganap na pag-iisip ay nagsasalaysay ng aking huling habilin na sumusunod:

1. ako ay ilibing ng aking pamilya sa Makati North Cemetery.
2. Ang aking bahay at lupa na matatagpuan sa Makati City na may Titulo Bilang TCT-12345 ay ipinamamana ko sa aking asawa na si Josefa Dela Cruz at dalawang anak na sina Jose dela Cruz at Pedro Dela Cruz na magkaka-parehang parte.
3. Ang aking palaisdaan sa bayan ng Pulilan, Bulacan ay aking ipinamamana sa mga sumusunod:

   Josefa Dela Cruz - Ikaapat na bahagi
   Jose Dela Cruz - Ikaapat na bahagi
   Pedro Dela Cruz - Ikaapat na bahagi

   Ang aking kapatid na si Manuel Dela Cruz - ikaapat na bahagi.
4. Ang maiwang pera sa aking bangko sa BPI ay ipinamamana ko sa aking dalawang anak na si Jose at Pedro Dela Cruz at bibigyan nila ng Php 50,000 ang matagal na katiwala ng pamilya na si Maria Santos.
5. Ang aking sasakyan ay mamanahin ng aking asawa na si Josefa Dela Cruz. Siya din ang aking inaatasan na maging tagapagpatupad ng aking mga huling habilin.

Ito ang aking huling habilin at ito ay aking ginawa ng bukal sa aking kalooban. Ako ay hindi pinilit, tinakot o naimpluwensiyahan ng sinuman.

Juan Dela Cruz

JUAN DELA CRUZ